

Balita mula sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan

Bilang 8

Inilathala Disyembre 21, 2020

Isinagawa ang ika-8 pagpupulong ng Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake, at ihahatid sa inyo ang nilalaman noon.

- ◇ **Ukol sa Pagpapalit ng mga Miyembro ng Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas**
Nagkaroon ng pagpapalit ng 4 na miyembro sa ika-7 pagpupulong ng Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake.
- ◇ **Ukol sa Paglikha ng Awit ng Paaralan**
Kumalap ng mga salitang isasama sa awit ng paaralan mula sa mga batang mag-aaral, mga guro at kawani ng dalawang paaralan. Ipapakiusap sa propesyonal na manunulat ng kanta na sanggunian ang mga salitang ito sa paglikha ng awit ng paaralan.
- ◇ **Ukol sa Pinag-aaralan tungo sa Pagbubukas ng Futamuradai Elementary School**
Dahil napagpasyahan ang patakaran ukol sa mga tuntunin ng PTA, mga kaganapan ng PTA, mga aktibidad ng club (soccer club, basketball club (lalaki at babae), mga club na nakatuon sa sining (pag-aaralan pagkatapos ng pagbubukas ng paaralan)), tatapusin ang pagtatalakay sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake.
- ◇ **Ukol sa Kaganapan ng Pagsasara ng Paaralan**
Parehong nagbabalak ang dalawang paaralan ng seremonya ng pagsasara ng paaralan at iba pa.
- ◇ **Ukol sa Kalagayan ng Konstruksyon ng Pag-aayos**
Halos tapos na ang konstruksyon ng gusali ng mga silid-aralan. Isasagawa higit sa lahat sa bakasyon ng tag-init sa SY 2021 ang konstruksyon ng natatanging silid-aralan.



Pasukan at Labasan ng mga Mag-aaral



Karaniwang Silid-aralan

- ◇ **Ukol sa Aktibidad ng Pagbabantay**
Isinusulong sa PTA ang pag-aaral tungkol sa aktibidad ng pagbabantay. Pinag-uusapan din ang pagsasagawa ng aktibidad ng pagbabantay bilang boluntaryo sa pakikipagtulungan sa mga tao sa pamayanan.
- ◇ **Ukol sa Pagsubok ng Pagpasok sa Karatake Elementary School at Paghahalubilo ng Dalawang Paaralan**
Isinagawa ang ika-2 pagsubok ng pagpasok sa Karatake Elementary School noong Nobyembre 19 (Huwebes). Pagkatapos noon, idinaos ang paghahalubilong inorganisa ng konseho ng mga mag-aaral ng dalawang paaralan, upang mapalalim ang kanilang pakikipag-ugnayan.



Anyo ng Pagpasok sa Paaralan



Paligsahan ng Tama "〇" o Mali "×"

Ihahatid sa inyong lahat ang mga napag-aralan sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake, sa ganitong paraan. Mangyari lamang na magtanong sa dibisyon ng edukasyon sa paaralan sa Toyoake City Hall kung mayroong hindi maintindihang bagay.

Para sa mga Katanungan Dibisyon ng Edukasyon sa Paaralan, Toyoake City Hall TEL 0562-92-8316

